# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 27

May 13, 2024 - May 19, 2024



## WHAT'S INSIDE?

3 TUTOK KALINGA TUNGO SA TAMANG NUTRISYON, PARA SA MGA BATANG CALAPEÑO!








# THE DECLARATION OF A DRUG-FREE CALAPAN CITY

THE City of Calapan, headed by City Mayor Malou Flores-Morillo, stands proud after the deliberation of the last remaining drug-affected barangay in the city on May 15, 2024. Barangay Ibaba West has been declared a DRUG-CLEARED BARANGAY. This significant achievement marks the culmination of relentless efforts by local authorities and the community to combat the drug menace.

The declaration ceremony was graced by the very supportive Mayor Malou Flores-Morillo, who has been instrumental in driving the anti-drug campaign. Her unwavering commitment to creating a safe and healthy environment for her constituents has been a beacon of hope throughout the process.

The program, spearheaded by the Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) MIMAROPA, witnessed the convergence of various law enforcement and government agencies. Among the key figures present were PCOL ARVIN T. MOLINA, DRDO, PNP MIMAROPA; DIR II VALENTE G. CARIÑO, Acting Regional Director; Dir. Karl Caesar R. Rimando, RD DILG MIMAROPA; Dra. Sahlee Montevirgen-Sajo, DOH Representative; Dir. Donelyn M. Hemedez, Assistant Regional Director, RBD-CPT; PBGEN ROGER L. QUESADA, RD, PNP PRO MIMAROPA; COP of Calapan, CPS PLTCOL DANILO U. DRIZ JR.; and Ibaba West Barangay Captain, Hon. Donna Villa A. Abao.

Congratulations to Barangay Ibaba West and the entire Calapan City for this significant milestone! (Jermae D. Tuyor/CIO).

## EXPANDED HEALTH PROGRAM SA MAIDLANG, HANDOG NG MAYOR NG CALAPAN

HINDI humihinto ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si City Councilor, Atty. Jel Magsuci, para sa paghahatid ng dekalidad na serbisyo, para sa mga Calapeño, sa pamamagitan ng Expanded Health Program, noong ika-9 ng Mayo sa Barangay Maidlang.

Kaloob sa kanila ni Mayor Morillo ang libreng serbisyong medikal, kung saan kabilang dito ang Free Anti-Pneumonia Vaccine, Dental Health Services, Health Card Services, at iba pang serbisyong pangkalusugan, na naisakatuparan sa tulong at suporta nina City Health Officer, Dr. Basilisa M. Llanto, Ms. Julieta M. Paduada, RSW (Program Manager, City Socialized Medical Health Care Office), gayundin ng iba mga doctor at nurse.

Katuwang ng butihing ina ng Lungsod sa nasabing aktibidad sina Mr. Jaypee Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns), Ms. Charissa 'ISAY' Flores-Sy, Ms. Mylene De Jesus, at Ms. Agatha Ilano (Volunteer). (CIO Calapan)

## EDUFAP PARA SA CITY COLLEGIANS, KALOOB NG CITY GOVERNMENT OF CALAPAN

MATAGUMPAY na isinakatuparan ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang pamamahagi ng tulong pinansyal, para sa mga mag-aaral ng City College of Calapan, sa ilalim ng Educational Financial Assistance Program (EdUFAP), isinagawa sa City Hall, noong ika-15 ng Mayo.

Pinangunahan at pinangasiwaan ng City Education Department, sa pamumuno ni City Education Officer, Ms. Myriam Lorraine D. Olalia, ang pagkakaloob ng P2,500 na tulong pinansyal para sa nasa kabuuang 1,904 na City Collegian.

Samantala, dumalo at nagpakita rin ng pagsuporta sa nasabing aktibidad sina City Councilor, Atty. Jel Magsuci, College Administrator, Dr. Ronald F. Cantos, Chief of Staff, Mr. Joseph Umali, at Mr. Jaypee M. Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns).



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Isinagawa noong Mayo 13, ang turnover ng P20 M halaga ng gamot at mga kagamitan sa Naujan Community Hospital (NCH) kasabay ng pagbisita ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor sa naturang ospital.

Tinanggap ni NCH Chief Dr. Manny Hernandez at mga doktor ang mga gamot at medical supplies na sinaksihan nina Provincial Health Officer Dr. Ma. Angela Cielo A. Ante, Board Member Aleli Casubuan, Board Member Fay Ilano, Executive Assistant Mico Atienza at iba pang mga opisyal.

Samantala, ininspeksyon din ni Governor Bonz ang mga pasilidad sa NCH kasama na ang bagong install na pinakabago at modernong X-Ray machine.

*"Siguruhing mapapakinabangan ng mga pasyente ang mga gamot ng libre,"* ang habilin ni Governor Bonz. Aniya pa, patuloy ang kaniyang pagsusumikap na makahanap ng iba't ibang resources upang patuloy na makapagbigay ng mga libreng gamot at kagamitan sa lahat ng pampublikong ospital sa lalawigan. (PIO Oriental Mindoro)







## ADMINISTRASYONG PATULOY NA KUMAKALINGA AT TUMUTUGON SA PANGANGAILANGAN NG TAUMBAYAN


LIGAYA at pasasalamat na walang kahanggan ang ipinaabot ng ika sampung batch na nakatanggap ng 'bayad-pinsala' na nagkakahalaga ng kabuuang P121,196.13 mula sa Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, at ng Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC).

Ito ay upang magbigay tulong sa mga rice farmer at hog raiser ng Lungsod ng Calapan na naapektuhan ng African Swine Fever (ASF).

Namahagi rin ng araw na iyon ng nasa 400 Dwarf Coconut Seedling ang CASD. Bukod sa pamamahagi ng mga seedlings ay itinuro rin ang mga bagong pamamaraan sa pagtatanim ng niyog at mga dapat tandaan upang mas mapabuti at mapalawig pa pagpapalaki ng mga ito.

Makaaasa naman ang mga nasa sektor ng agrikultura, na patuloy nilang magiging kaagapay sa pag-unlad si Mayor Malou.

Kaugnay nito, katuwang ng Punong-lungsod, Mayor Morillo sa naturang distribusyon sina Engr. Jasper B. Adriatico (CASD Focal Person), at ilan pang kawani ng nasabing departamento (Kate Rondilla Redublo/CIO).




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# TUTOK KALINGA TUNGO SA TAMANG NUTRISYON, PARA SA MGA BATANG CALAPEÑO!





MATAGUMPAY na naisakatuparan ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, ang *"Tutok Kalinga: Dietary Supplementation Program (9-60 MOS) Children"*, sa pangangasiwa ng City Health and Sanitation Department, sa pamumuno nina City Health Officer, Dr. Basilisa M. Llanto, at City Nutrition Action Officer, Ms. Glenda M. Raquepo, RN, ginanap sa Brgy. Malamig, noong ika-15 ng Mayo.

Layunin ng nasabing feeding program na matutukan ang pagbibigay ng TAMAng nutrisyon, para sa mga batang Calapeño, bilang pagtugon sa pangangailangang pangnutrisyon at pagpapahalaga sa kanilang kalusugan, tungo sa malusog na pangangatawan.

Kaugnay nito, binigyang daan din sa nasabing barangay ang pagbabasbas at pagpapasinaya sa kauna-unahang *"Kusina ng Taumbayan"* sa Brgy. Malamig, kung saan isasagawa ang pagluluto at preperasyon ng mga hot meals, para sa mga batang benepisyaryo ng naunang nasabing programa na inaasahang tatagal ng 90 days.

Samantala, nakiisa sa nasabing gawain sina City Councilor, Atty. Jel Magsuci, Chief of Staff, Mr. Joseph Umali, at Mr. Jaypee M. Vega (Head of Barangay Affair & Sectoral Concern), kung saan nakasama rin nila rito ang mga punong-barangay, barangay official, BNS, BHW at iba pang mga kaagapay na indibidwal mula sa iba't ibang barangay (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





# PAGTUGON SA PANGANGAILANGAN: FINANCIAL ASSISTANCE – AICS PROJECT SA CALAPAN

SA inisyatibo ni City Mayor Malou Flores-Morillo, isang makabuluhang hakbang ang ginawa para sa mga mamamayan ng Calapan. Sa pakikipagtulungan kay Senator JV Ejercito, sa pamamagitan ng Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) project, naglunsad ng tulong pinansyal sa 333 na benepisyaryo mula sa iba't ibang barangay ng lungsod.

Ang bawat benepisyaryo ay tumanggap ng P3,000. Ang pondo ay nagmula sa inisyatibo ng pamahalaang nasyonal na naglalayong magbigay ng agarang tulong sa mga nangangailangan, lalo na sa mga mahihirap na sektor ng lipunan.

Ang pagkakaloob ng tulong pinansyal na ito ay sumasalamin sa patuloy na pagsisikap ng lokal na pamahalaan ng Calapan sa pangunguna ni Mayor Morillo kasama ang Serbisyong TAMA Center, sa pamumuno ni Mr. Joseph Dytioco, at Barangay Affairs & Sectoral Concerns Head, Mr. Jaypee M. Vega, na magbigay ng konkretong aksyon para sa kapakanan ng mga Calapeño (Jermae D. Tuyor/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 27 May 13, 2024 - May 19, 2024

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# KUMUSTAHAN NINA LOLO AT LOLA 2024

BINIGYANG-DAAN ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang pagsasagawa sa aktibidad na *“Kumustahan nina Lolo at Lola 2024”*, sa pangunguna ng City Social Welfare and Development Department na pinamumunuan ni CSWD Officer, Ms. Juvy L. Bahia, RSW, ginanap sa Calapan City Convention Center, Barangay Tawiran, noong ika-15 ng Mayo.

Sa pakikipagtulungan ng mga kawani mula sa Department of Social Welfare (DSWD), binigyang pansin sa nasabing pagpupulong ang ilan sa mga mahahalagang usapin kaugnay sa sektor ng senior citizens, katulad ng Re-orientation on City Ordinances, Financial Form Concern, OSCA concern, at Social Pension Payout.

Ito ay dinaluhan ng mga Calapeñong senior citizen mula sa United Senior Citizen Association of Calapan City Oriental Mindoro (USCACOM), at National Federation of Senior Citizens Association of the Philippines (FSCAP).

Nagpakita ng pagsuporta sa naturang aktibidad sina City Councilor, Atty. Jel Magsuci, Chief of Staff, Mr. Joseph Umali, Julieta M. Paduada, RSW (OIC, City OSCA), at Mr. Jaypee M. Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns). (CIO Calapan)



